

PARA SA AGARANG PAGLABAS

Sinusuportahan ng Konseho ng Brampton ang Estratehiya ng Eco Park

BRAMPTON, ON (Enero 29, 2020) – Sa araw na ito, ang Konseho ng Lungsod ng Brampton ay gumawa ng mahalagang hakbang sa pagtayo ng isang Green City at pagpapatulad ng Green Framework para sa Brampton sa pamamagitan ng pagsuporta sa Estratehiya ng Eco Park ng Brampton.

Ang isang Eco Park ay isang konektadong network ng sustainable na mga espasyo ng urban at mga espasyo na likas/berder. Ang Estratehiya ng Eco Park ng Brampton ay naglalarawan sa pagbuo ng Eco Park ng Brampton at nagtatakda sa bisyon, mga layunin at aksyon para gabayan ang implementasyon nito, Nilalayon ng Estratehiya na magbigay ng katangi-tanging panlipunang mga pagkakataon at bumuo ng mga pagtutulungan at pangangasiwa ng komunidad para protektahan, suportahan at palakihin ang Eco Park ng Brampton. Nakatuon din ito sa pag-iingat, pagre-naturalize at pagpapaganda sa mga likas na landscape ng Brampton.

Ang karamihan sa 2,500 ektarya ng Natural Heritage System (NHS) ng Brampton ay bubuo sa pangunahing suporta ng Eco Park ng Brampton. Mula sa pundasyong ito, ang ekspansyon at ang ebolusyon ng Eco Park ng Brampton ay paunang tutuon sa natukoy na mga hub sa paligid, kung saan ang angkop na mga lokasyon tulad ng mga parke, NHS, mga streetscape at mga utility corridor ay iaangkop sa Eco Park sa pamamagitan ng pagtatatag ng mga Espasyo ng Eco. Sa paglipas ng panahon, ang mga pagsisikap na ito ay magbubunga sa mga network ng berdeng mga parke at natural reserve sa buong lungsod.

Alamin ang higit pa tungkol sa Estratehiya ng Eco Park ng Brampton sa www.brampton.ca

Pira-pirasong Impormasyon

- Ang Lungsod sa kasalukuyan ay nagpapanatili ng tinatayang 2,500 ektarya ng natural heritage, ang kabuuan na bumubuo sa paunang pangunahing suporta ng Eco Park ng Brampton. Ang umiiral na mga parke ng Lungsod ay sumasaklaw sa karagdagang 1,100 ektarya, ang ilan ay maaaring ipagsama sa Eco Park ng Brampton.
- Ang Estratehiya ng Eco Park ng Brampton ay nag-uutos sa mga kawani na gawin ang karagdagang ebalwasyon ng sistema ng mga parke ng Lungsod na tumukoy ng plano para estratehik na palawakin ang mga Espasyo ng Eco papunta sa mga parke ng Brampton sa ngayon at sa hinaharap.
- Ang Eco Park ng Bramptonay may posibilidad na magbigay ng mahalagang mga serbisyo sa komunidad tulad ng pagsala ng tubig, pagpapababa ng temperatura at pagbawas sa pag-agos ng tubig-bagyo. Magbibigay ito ng hindi lamang pang-ekonomiyang savings, ngunit nagdadagdag din sa kakayahan ng lungsod na makabawi sa isang nagbabagong klima.
- Ang Estratehiya ng Eco Park ng Brampton ay dahan-dahang itinatayo sa isang umiiral na framework ng mga patakaran ng estratehiya, at programa ng Lungsod kabilang ang Plano ng Brampton 2040, Komprehensibong Pangkapaligirang Plano ng Brampton Grow Green,

Komprehensibong Plano sa mga Parke at Paglilibang, Estratehiya ng Pangkapaligirang Pangangasiwa ng Natural Heritage, Plano sa Pangangasiwa ng Kagubatan sa Lungsod at Programa sa Milyon-Milyong Punong-kahoy ng Brampton.

Mga Quote

“Ang Konseho ay dedikado sa pagpapatuloy ng pagtayo ng Green City, at ang Estratehiya ng Eco Park ng Brampton ay nagsasagisag sa iba na namang milestone sa ating paglalakbay sa pagiging sustainable. Inaasam ko ang maraming panlipunan at pangkapaligirang benepisyong na ibibigay ng pinalawak, konektado na Eco Park ng Brampton sa ating lungsod.

- *Mayor Patrick Brown, Lungsod ng Brampton*

“Noong nakaraang taon, sumali ang Brampton sa 35 iba pang komunidad sa pagdeklara ng emergency sa klima. Ang layunin natin ay para bawasan ang pagpapalabas ng gas ng greenhouse sa Brampton ng 80% bago lumipas ang 2050, at ang pagsuporta sa estratehiya ng Eco Park ng Brampton ay ibang hakbang para sa layunin na iyon. Ito ay isang malaking inisyatiba para sa pagbuo ng pagtutulongan at pangangasiwa sa komunidad para protektahan, suportahan at paramihin ang mga espasyong berde ng Brampton.”

- *Paul Vicente, Rehiyonal na Konsehal at Chair, Public Works at Enhinyerya, Lungsod ng Brampton*

“Ang inapubahang Estratehiya ng Eco Park ay magpapahintulot sa mga kawani ng Lungsod na magpatuloy sa pagsulong ng prayoridad ng Konseho ng pagiging isang Green City, pinapalawak ang espasyo ng lungsod at likas na mga espasyo ng Brampton para lumikha ng network ng konektadong mga parke na mag-iingat, magre-naturalize at magpapaganda sa mga landscape ng lungsod”

- *David Barrick, Pinunong Administratibong Opisyal, Lungsod ng Brampton*

-30-

Bilang isa sa napakabilis na lumalaking lungsod sa Canada, ang Brampton ay tahanan ng 650,000 tao at 70,000 negosyo. Ang mga tao ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin. Napapalakas tayo ng ating diverse na mga komunidad, hinihikayat natin ang pamumuhunan, at sinisimulan natin ang isang paglalakbay para pangunahan ang teknolohikal at pangkapaligirang inobasyon. Nakipag-partner tayo para sa pag-unlad upang magtayo ng isang nakalulusog na lungsod na ligtas, sustainable at matagumpay. Kumonekta sa amin sa [Twitter](#), [Facebook](#), at [Instagram](#). Alamin ang higit pa sa www.brampton.ca.

KONTAK NG MEDIA

Monika Duggal
Coordinator, Media & Pakikilahok sa Komunidad
Strategic na Komunikasyon
Lungsod ng Brampton
905-874-3426 | Monika.Duggal@brampton.ca